From
Mission Field
to Mission
→ Force

# Ang Manipesto

WEEK 3

## WARM-UP

- Ikwento ang pinakanakakagulat na nangyari sa 'yo ngayong linggo.
- Balikan ang isang mahirap na karanasan mo bilang isang teenager (binatilyo o dalagita). Saan mo ito maihahalintulad at ano ang ginawa mo upang mapagtagumpayan ito?
- Sa anong henerasyon ka kabilang? Anong mga pagkakaibang napapansin mo sa ibang henerasyon?

## WORD

*17O Diyos, mula pagkabata'y itinuro n'yo na sa akin*
*ang tungkol sa inyong mga kahanga-hangang gawa at*
*hanggang ngayon, inihahayag ko ito sa mga tao. 18At*
*ngayong ako'y matanda na at maputi na ang buhok,*
*huwag n'yo akong pabayaan, O Diyos. Maihayag ko*
*sana ang inyong lakas at kapangyarihan sa susunod na*
*henerasyon, at sa lahat ng mga darating sa hinaharap. 19O*
*Diyos, ang inyong katuwiran ay hindi kayang maunawaan*
*ng lubusan. Kahanga-hanga ang inyong mga gawa. Tunay*
*ngang walang sinuman ang tulad ninyo.* **SALMO 71:17–19**

Bagama't hindi lahat ay may pribilehiyong makikilala ang Diyos sa murang edad, ipinahayag ng salmista ang kwento niya—na natuto siya mula sa Diyos noong kabataan niya at nagpatuloy ito hanggang sa kanyang pagtanda. Sa katunayan, sinabi niya na kahit matanda na siya at puti na ang buhok, nagpapatotoo pa rin siya sa sumunod na henerasyon tungkol sa katapatan ng Diyos. Kahit na inilaan niya ang buong buhay niya upang makilala ang Diyos, hindi pa rin niya makita ang hangganan ng katuwiran at dakilang kapangyarihan ng Diyos. Sa araw na ito, titingnan natin kung paano maisasabuhay ang mga prinsipyong ito sa ating henerasyon at kung paano natin matutulungan ang susunod na mga henerasyon na makilala at mahalin ang Diyos.

## 1 Simulan ang gawain sa mga kabataan.

*O Diyos, mula pagkabata'y itinuro n'yo na sa akin ang tungkol sa inyong mga kahanga-hangang gawa at hanggang ngayon, inihahayag ko ito sa mga tao.* **SALMO 71:17**

Bilang isang iglesya, naniniwala tayo sa pakikipag-ugnayan at pagdidisipulo ng susunod na henerasyon. Inuuna natin ang kabataan at hindi natin sila minamaliit (1 Timoteo 4:12). Kapag tinuruan natin sila na sumunod sa Diyos sa murang edad, hindi lamang sila magsisilbi sa Diyos buong buhay nila; sila rin ay makakagawa ng pagbabago sa buhay ng iba. Ano kaya sa palagay mo ang mangyayari kung hindi natin ibabahagi ang ebanghelyo sa kabataan? Ano naman ang mangyayari kapag ginawa natin ito?

## 2 Ibahagi ang mga makapangyarihang ginawa ng Diyos sa mga kabataan.

*[18]At ngayong ako'y matanda na at maputi na ang buhok, huwag n'yo akong pabayaan, O Diyos. Maihayag ko sana ang inyong lakas at kapangyarihan sa susunod na henerasyon, at sa lahat ng mga darating sa hinaharap. [19]O Diyos, ang inyong katuwiran ay hindi kayang maunawaan ng lubusan. Kahanga-hanga ang inyong mga gawa. Tunay ngang walang sinuman ang tulad ninyo.*
**SALMO 71:18–19**

Nagkukwento tayo sa mga mas batang henerasyon tungkol sa Diyos dahil mabuti Siya at dakila. Dapat lamang na ihayag ang Kanyang katangian at mga nagawa. Anuman ang mga paghamon na kakaharapin natin o mga pagbabago sa kultura, hinding-hindi mababalewala ang Diyos. Walang katulad ang Diyos na pinaglilingkuran natin. Totoo ito sa ating kabataan hanggang sa ating pagtanda. Sino ang naghayag ng kadakilaan ng Diyos sa iyo at paano nabago ng Diyos ang buhay mo?

## 3 Mamuhunan sa susunod na henerasyon.

*[17]. . . at hanggang ngayon, inihahayag ko ito sa mga tao. [18]At ngayong ako'y matanda na at maputi na ang buhok, huwag n'yo akong pabayaan, O Diyos. Maihayag ko sana ang inyong lakas at kapangyarihan sa susunod na henerasyon, at sa lahat ng mga darating sa hinaharap.* **SALMO 71:17–18**

Ang pagkaunawa at karanasan natin sa Diyos ay hindi lamang para sa atin. Kailangan natin itong ibahagi sa iba lalo na sa mga susunod na henerasyon. Kapag nakilala ng kabataan ang Diyos sa kanilang murang edad, mas mahaba ang panahon nila upang makipag-ugnayan sa iba kasama na ang henerasyon na kasunod nila. Kabilang dito ang pangangaral ng ebanghelyo sa kanila, paniniwala sa kanila, paglilingkod sa kanila, at pagtuturo sa kanila kung paano maging lider. Paano mo ito maipagpapatuloy na gawin kahit na matanda ka na?

## APPLICATION

- Bilang bahagi ng kasalukuyang henerasyon, paano mo maipapasa sa susunod na henerasyon ang mga natutunan mo tungkol sa kabutihan ng Diyos?
- Sino ang bahagi ng susunod na henerasyon sa iyong tahanan at komunidad? Paano ka makikipag-ugnayan sa kanila ngayon?
- Paano ka mamumuhunan sa susunod na henerasyon? Humingi sa Diyos ng mga ideya, stratehiya, at pagkakataon.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa ginawa Niya sa buhay mo at sa pagtuturo sa 'yo na kilalanin Siya, ano pa man ang iyong kalagayan at kultura. Balikan ang Kanyang kabutihan at kadakilaan sa buhay mo ngayon.
- Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung paano Niya nakikita ang susunod na henerasyon, na madama mo ang awa na nadarama Niya para sa kanila, at magawa mong tumugon nang natutulad sa Kanya.
- Ipanalangin na ang buhay mo—hanggang sa iyong pagtanda—ay maging isang paghahayag at pagpapakita ng ebanghelyo ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Ipanalangin na mas marami pang tao ang makakilala sa Diyos sa pamamagitan ng iyong buhay at patotoo.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Varsha Daswani

victory.org.ph